# May karapatan kang makatanggap ng "Matapat na Pagtatantya" (Good Faith Estimate) na nagpapaliwanag kung magkano ang gagastusin mo sa iyong medikal na pangangalaga

Sa ilalim ng batas, kailangang magbigay ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa **mga pasyente na walang insurance o hindi gumagamit ng insurance** ng pagtatantya ng bill para sa mga medikal na item at serbisyo.

- May karapatan kang makatanggap ng Matapat na Pagtatantya para sa kabuuang inaasahang gastos sa anumang hindi pang-emergency na item o serbisyo. Kabilang dito ang mga nauugnay na gastos na tulad ng mga medikal na pagsusuri, inireresetang gamot, kagamitan, at bayarin sa ospital.

- Tiyaking bibigyan ka ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng Matapat na Pagtatantya sa kasulatan nang hindi bababa sa 1 araw ng negosyo bago ang pagbibigay ng iyong medikal na serbisyo o item. Maaari ka ring humingi sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, at sa sinupamang provider na pipiliin mo, ng Matapat na Pagtatantya bago ka mag-iskedyul ng item o serbisyo.

- Kung makakatanggap ka ng bill na hindi bababa sa $400 na mas malaki sa iyong Matapat na Pagtatantya, maaari mong i-dispute ang bill.

- Tiyaking magse-save ng kopya o larawan ng iyong Matapat na Pagtatantya.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa Matapat na Pagtatantya, bisitahin ang www.cms.gov/nosurprises o tumawag sa 1-800-985-3059.